PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa lahat ng biyayang kaloob Niya sa iyo. Hilingin na baguhin Niya ang iyong puso upang lagi itong maging mapagpasalamat sa lahat ng oras.

- Magdasal na ipakita sa iyo ng Banal na Espiritu ang Kanyang katapatan sa iyong palagiang pagbabasa ng Bibliya. Manalangin na matutunan mo pang lalo ang Kanyang kabutihan, kakayahan, at kagustuhang ibigay ang nakabubuti sa iyo. Magdasal din na pagkatiwalaan mo pa Siyang lalo.

- Ipagdasal ang inyong mga pangangailangan sa grupo. Maniwalang matapat na sasagutin ng Diyos ang inyong mga panalangin.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Every Nation Leadership Institute
Inilathala ng EVERY NATION PRODUCTIONS
P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

FILIPINO

Ang Diyos ay Isang Mabuting Ama

Week 1

NOTES

CONNECT

- Anong katangian ng iyong tatay ang hinahangaan mo ng husto?
- Ikwento mo nang natugunan ang buo ang iyong pangangailangan. Anong naramdaman mo habang naghihintay ng sagot? Ano naman ang naramdaman mo ng natanggap mo ang kasagutan?
- Ano ang karaniwan mong tugon kapag nahaharap ka ng problema o pangangailangan? Bakit ganito ang iyong pagtugon?

WORD

WHAT

What does the Bible say?

[9]"Kung humingi ang isang bata ng tinapay sa kanyang ama, bato kaya ang ibibigay nito sa kanya? [10]Kung isda ang kanyang hingin, ahas kaya ang ibibigay sa kanya? Dikasi'y hindi. [11]Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, hindi kaya lalong marunong ang inyong Amang nasa langit ng mabubuting kaloob sa mga humihingi sa Kanya?"
Mateo 7:9-11

Ang pikikitungo natin sa ating mga tatay ay depende sa karanasan natin sa kanila sa ating paglaki. Kapag maramot at masungit ang tatay natin, nahihiya tayong maghingi ng tulong sa kanya. Ngunit kung siya ay mapagbigay at madaling lapitan, mas malakas ang loob nating lumapit sa kanya. Sinasabi ng Bibliya na and Diyos ay ating Ama, at nararapat lamang na ganun ang pakikitungo natin sa Kanya. Pinapakita sa aral na ito na ang Diyos ay isang mabuting Ama.

- **Nagbibigay ang Diyos ng mga mabubuting kaloob.**
  "Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, hindi kaya lalong marunong ang inyong Amang nasa langit ng mabubuting kaloob sa mga humihingi sa Kanya?"
  Mateo 7:11

  Natural lamang sa mga tatay na gustuhin ang kabutihan ng kanilang mga anak, kahit alam nating hindi naman sila perpekto at may mga limitasyon din. Gayunpaman, ang ating Amang nasa langit na walang limitasyon ay lagiang nangangakong Siya ang tagapagbigay ng mga mabubuting kaloob (Awit 84:11, Santiago 1:17). Ano kaya ang dahilan kung bakit mabuti ang Diyos sa atin? Anong nagagawa nito sa tiwala natin sa Kanya?

- **Dinidinig ng Diyos ang ating mga panalangin.**
  [7]"Humingi kayo at kayo'y bibigyan. Maghanap kayo at kayo'y makakasumpong. Kumatok kayo at pagbubuksan kayo ng pintuan. [8]Sapagkat tatanggap ang lahat ng humihingi, makakasumpong ang lahat ng humahanap, at pagbubuksan ang lahat ng kumakatok."
  Mateo 7:7,8

  Sinasabi sa Bibliya na pupwede tayong lumapit sa Diyos para sa ating mga pangangailangan. Sinasabi pa rito na alam ng Diyos ang ating mga pangangailangan bago pa man tayo manghingi (Mateo 6:7). Kung ganito man, bakit kinakailangan pa nating manalangin sa Diyos (Santiago 4:2, Filipos 4:6)? Anong pinapakita natin kapag lumalapit tayo sa Diyos para sa ating mga pangangailangan?

- **Matapat na tumutugon ang Diyos para sa ating mga pangangailangan.**
  At Siya naman ang magbibigay ng lahat ninyong kailangan, ayon sa Kanyang mga kayamanan sa kaluwalhatian, dahil kay Cristo Jesus.
  Filipos 4:19

  Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na nagbigay sa atin sa kalangitan ng lahat ng uri ng pagpapalang espirituwal sa pamamagitan ni Cristo.
  Efeso 1:3

  Marami na tayong narinig na kwento tungkol sa kung papaano tinutugunan ng Diyos ang mga pangangailangan ng Kanyang mga anak, maliit man ito o malaki. Higit pa rito, pinaglaanan na ng Diyos Ama ang ating pinakamalaking pangangailangan—ang kaligtasan sa kasalanan kay Jesus. Ngayong alam na nating nagbigay daan ang Diyos para sa mga pangangailangan natin, papaano tayo natutulungan nitong magtiwala pang lalo sa Kanya?

SO WHAT

What is the relevance of the Word to my life?

- Kapag may pangangailangan ka, sino ang kadalasan mong nilalapitan? Anong natutunan mo sa aral na ito na makakatulong upang makasanayan mong tumakbo agad sa Diyos?
- Gaano ka naniniwalang gusto ng Diyos na tugunan ang iyong mga pangangailangan?
- Anong iba pang talata sa Bibliya ang patungkol sa kaloob ng Diyos? Sa mga ito, ano ang mas nangungusap sa kalagayan mo ngayon? Bakit?

NOW WHAT

How do I apply the Word to my life?

- Sa anong paraan mo mapalalago pang lalo ang tiwala mo sa Diyos (Roma 10:17)? Papaano mo matutulungan ang ibang tumakbo rin sa Kanya?
- Ano ang mga pangangailangan mo ngayon? Humingi ng tulong sa iyong kaibigan at manalangin kayong bigyang-daan ng Diyos ang inyong sitwasyon.
- Sa pagtiwala natin sa ginawa ni Jesus sa krus, tayo'y nagiging anak ng Diyos at malayang umugnay sa Kanya bilang ating Ama. Natanggap mo na ba ang kaligtasang kaloob ng Diyos kay Jesus? Humingi ng tulong sa iyong *group leader* dito.